Department of
**Education**

GOVERNMENT OF
WESTERN AUSTRALIA

# Ang Sertipiko ng Edukasyon ng Western Australia

## Impormasyon para sa mga magulang at taga-alaga

### Ang WACE at WASSA

Ang Western Australian Certificate of Education (WACE) ay isang senyor na sertipiko na kinikilala sa buong bansa sa Australian Qualifications Framework. Ang WACE ay iginagawad sa mga mag-aaral na matagumpay na nakatapos ng dalawang taon sa senyor na paaralang sekondarya at nakamit ang kinakailangag pamantayan. Ang WACE ay kinikilala ng mga unibersidad, industriya at iba pang mga tagapagbigay ng pagsasanay.

Lahat ng mga mag-aaral ay nakakatanggap ng Western Australian Statement of Student Achievement (WASSA) kapag nakumpleto nila ang Year 12. Ang WASSA ay pormal na nagtatala ng tagumpay ng isang mag-aaral sa bawat kurso, kwalipikasyon at programang natapos sa senyor na pag-aaral ng sekondarya.

### Ano ang mga kinakailangan sa WACE?

Upang makamit ang WACE ang mga mag-aaral ay dapat:

1. Kumpletuhin ang isa sa tatlong opsyon na kumbinasyon ng kurso:
    - hindi bababa sa apat na kursong ATAR ng Year 12, o
    - hindi bababa sa limang pangkalahatang kurso ng Year 12 at/o mga kursong ATAR,
    - kumpletuhin ang isang Certificate II o mas mataas na kwalipikasyon ng VET na kasama ang ATAR, mga kursong general o foundation.
2. Ipakita ang pamantayan ng karunungang magbasa, magsulat at magbilang.
3. Matugunan ang mga kinakailangan para sa lawak at lalim ng pag-aaral.
4. Matugunan ang pamantayan ng tagumpay.

### Ano ang mga opsyon sa pag-aaral ng WACE?

Ang mga mag-aaral ay binibigyan ng tatlong mga opsyon sa pag-aaral na maaari nilang paghaluin at itugma:

- Mga kursong WACE, kabilang ang ATAR, General, Foundation at partikular sa industriya na VET
- Mga programang VET
- Mga programang inendorso.

### Mga pangangailangan sa pamantayan ng literacy at numeracy

Dapat ipakita ng mga mag-aaral ang pinakamababang pamantayan ng kakayahang magbasa, magsulat at magbilang sa pamamagitan ng alinman sa:

- pagkamit ng Band 8 o mas mataas sa mga bahagi ng pagbasa, pagsulat at/o pagbilang ng Year 9 NAPLAN, o
- matagumpay na makumpleto ang Online Literacy and Numeracy Assessments (OLNA)

D23/1254786
June 2023

Exclusions may apply

## Mga kinakailangan sa lapad at lalim

Dapat kumpletuhin ng mga mag-aaral ang hindi bababa sa 20 yunit sa senyor na pag-aaral, kabilang ang:

- isang minimum ng sampung yunit sa Year 12, o ang katumbas na nakuha mula sa isang limitadong bilang ng mga kwalipikasyon ng VET at mga programang inendorso
- apat na yunit mula sa isang kursong larangan sa pag-aaral ng Ingles, pagkatapos ng Year 10, kabilang ang hindi bababa sa isang pares ng mga yunit sa Year 12 mula sa isang kursong larangan sa pag-aaral ng Ingles
- isang pares ng mga yunit sa Year 12 mula sa Listahang A (sining, wika, agham panlipunan) at
- isang pares ng mga yunit sa Year 12 mula sa Listahang B (matematika, agham, teknolohiya).

## Mga kinakailangan sa pamantayan ng tagumpay

Dapat makamit ng mga mag-aaral ang hindi bababa sa 14 na gradong ‘C’ o katumbas na mga yunit sa Year 11 at Year 12, kabilang ang hindi bababa sa 6 na gradong ‘C’ o katumbas na mga yunit sa Year 12.

Exclusions may apply